

## Mga Diyalektong Pantahanan sa Sorsogon

Asia Pacific Journal of  
Management and Sustainable  
Development

Vol. 9 No. 1, 91-97  
March 2021

Richelda P. Jolo (PhD)<sup>1</sup>, Felisa D. Marbella (PhD)<sup>2</sup>

Sorsogon State College, Paaralang Gradwado, Lungsod Sorsogon, Pilipinas  
richeldajolo@gmail.com<sup>1</sup>, felymarbella03@gmail.com<sup>2</sup>

Date Received: October 24, 2020; Date Revised: January 19, 2021

**Abstract-** *The present status of the dialect in Sorsogon which is being used at home was identified. Descriptive analysis research design was used. Stratified random sampling was used in selecting 900 participants from 14 towns and 1 city in the province of Sorsogon. Questionnaire and informal interview with the participants were used in gathering data. The data gathered were analyzed and given interpretation using frequency count, ranking, and weighted mean. Based on the findings 35 words out of 139 terms recorded throughout the part of the home are frequently used. There are many factors affecting the current state of these languages such as, social media, text messaging, imitating foreign languages and their idol artists. It is recommended in this research to spread and introduce own home dialect in Sorsogon. Love and appreciate the dialects used by the elders because these are important and part of the culture and identity. Do not forget the past including home dialect to say that you are “in”, because even if it is old, if it will always be used it will still look new. Create dictionaries or clues that will contain home dialects, to restore some terms that are gradually disappearing from the circulation and be re-identified by Sorsogonans especially the youth. Other researchers must conduct study related to this.*

**Abstrak-** *Tiniyak sa pag-aaral na ito ang kasalukuyang kalagayan ng mga diyalektong pantahanan sa Sorsogon. Ginamit ang deskriptib-analisis na disenyo ng pananaliksik. Stratified random sampling ang ginamit sa pagkuha ng 900 kalahok mula sa 14 na bayan at isang (1) lunsod sa lalawigan ng Sorsogon. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik sa paglikom ng mga datos at nagsagawa rin ng impormal na pakikipanayam sa mga kalahok sa pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay inalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang pagbilang, pagrarrang, o at weighted mean.*

*Batay sa natuklasan 35 na salita sa 139 na katawagang naitala sa buong bahagi ng tahanan ang malimit na ginagamit. Maraming salik ang nakaaapekto sa kasalukuyang kalagayan ng mga wikaing ito tulad ng social media, text messaging, paggaya sa mga dayuhang wikain at sa kanilang mga iniidolong artista. Inirerekomenda sa pananaliksik na ipalaganap at ipakilala ang sariling diyalektong pantahanan sa Sorsogon. Mahalin at pahalagahan ang mga diyalektong ginagamit ng mga nakatatanda dahil sa ang mga ito ay mahalaga’t bahagi pa ng kultura’t pagkakakilanlan. Huwag kalimutan ang nakaraan kasama na ang diyalektong pantahanan upang masabing “in”, sapagkat kahit na luma ito kung palagi pa ring ginagamit ay magmumukha pa ring bago. Lumikha ng mga diksiyunaryo o palatumbasan na maglalaman ng mga diyalektong pantahanan man o hindi, upang mapanumbalik ang ilang mga katawagang unti-unti nang nawawala sa sirkulasyon at makilalang muli ng mga Sorsoganon lalo na ng kabataan. Ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng iba pang kaugnay na pananaliksik tungkol dito.*

**Susing salita:** *dalas ng paggamit, edad ng gumagamit, salik, wikaing pantahanan*

### INTRODUKSIYON

Nilalang ang tao ng Diyos na may wikang ginagamit, dahil nais Niyang ang lahat ay magkaunawaan. Sa pamamagitan ng wika ay naipaabot ang mensaheng nais iparating sa kapuwa. Ito ang nagsisilbing tulay sa maayos na komunikasyon at daan sa mapayapang lipunan. Kung walang wika ay walang pagkakaunawaan at walang maayos na samahan ang mga tao sa isang

bansa at sa buong mundo. Dahil ito ay kalipunan ng mga salita at ang pamamaraan o dahilan ng pagsasama-sama ng mga ito ay para magkaunawaan ang bawat isa [1]. Bagaman sa una ay nagulo ito dahil sa paghahangad ng mga taong maabot ang langit ay binago ng Diyos ang wika ng bawat isa batay sa kuwento ng Tore ng Babel [2], subalit ipinangako Niyang bibigyan ang bayan ng pagbabago tungo sa isang dalisay na wika, na sa

kasalukuyan ay ginagamit na ng lahat ng tao sa mundong ibabaw.

Sa bansang Pilipinas ay mayroong isang wika na nagbubuklod sa lahat ng mga Pilipino, ito ay ang wikang Filipino na ayon sa Kostituyon 1987, ito ay ibinatay din sa katutubong wika, ang tagalog. Ang bansa ay nahahati sa maraming rehiyon at lalawigan kung saan ay mayroon ding kaniya-kaniyang wikaing ginagamit. Mga wikang nagbubuklod din sa lahat ng mamamayan ng isang probinsiya.

Ang katutubong wika ayon kay Almario, [3], ay alinman sa mga wika na sinuso ng isang tao na ang mga magulang ay may angkang katutubo sa Pilipinas. Kung kaya't ito ay bahagi na ng kaniyang pagkatao at kultura ng lugar na kanyang kinagisnan. Ang kaalaman at paggamit ng mga bata ng katutubong wika ay makatutulong sa pagpapahalaga sa sariling pagkatao at pag-unawa ng ugat at sariling pamana. Ito rin ay makatutulong upang mapanatili ang magandang pakikipag-usap sa pamilya lalo na sa mga matatanda.

Para kay Yousefi [4], ang katutubong wika ay hindi lamang para sa pakikipag-usap at pagkonekta sa isa't isa, bagkus ito ay nagbibigay-daan upang maunawaan at mapahalagahan ang kasaysayan ng mga ninuno. Pinupukaw nito ang pagpapahalaga at pag-unawa na higit na mahalaga para sa mga bata, lalo na ang mga nagmula sa magkakaibang familial background.

Ayon kay Legarda [5], mas titibay ang pundasyon ng isang bansa kung ang mga mamamayan ay magkakaunawaan gamit ang isang wika. Kasabay ng ating pagpapayabong sa Pambansang Wika, hinihikayat din ang pagpapahalaga sa iba't ibang katutubong wika sa bansa na maituturing natin na kayamanang buhat pa sa ating mga ninuno. Sang-ayon ang mananaliksik sa kanyang tinuran. Lalo na ang pagpapahalaga sa mga katutubong wika, dahil kailanman ay hindi maaaring kalimutan ang wikang unang kinagisnan o ang katutubong wika.

Sa kasalukuyan ay tila unti-unti nang nawawala o namamatay ang ilang mga katutubong wikain at napapalitan na ito ng makabagong wika. Isa ring patunay dito ang natuklasan ng isang gurong nakapanayam ng mananaliksik na nagtuturo sa kolehiyo, ayon sa kaniya, bahagi ng kaniyang asignaturang itinuturo ay tungkol sa mga diyalektong Sorsoganon. Natuklasan niyang ang mga salitang isinulat ng kaniyang mga mag-aaral na

bunga ng pagtatanong sa mga matatanda ay hindi na niya naririnig sa kasalukuyan kahit na ang kaniyang edad ay lagpas 50 na rin. Ang ganitong pangyayari ay hindi lamang dito sa ating probinsiya o sa ating bansa kundi maging sa ibang bansa. Patunay nito ang sinabi ni Yousefi [4]:

*“In many communities, be it Native American communities in the US or small tribal communities in parts of Africa, native languages are dying at an alarmingly quick rate.”*

Batay na rin sa obserbasyon ng mananaliksik, sa araw-araw na pakikisalamuha lalo na sa mga kabataan, ay marami sa kanila ang banyaga sa ilang mga katutubong wikain ng Sorsoganon. Kapag may lumabas sa iyong bibig na ganitong salita ay magtatanong sila kung anong salita ito, at napakalalim hindi nila alam. Anong mangyayari kung mapalitan maging dayuhan sila sa sariling katutubong wikain? Kung kaya't napukaw ang interes ng mananaliksik na pag-aralan ito.

## **PAGLALAHAD NG SULIRANIN**

Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang kasalukuyang kalagayan ng katutubong wikain ng Sorsoganon. (1) Matukoy ang mga katutubong salitang malimit na ginagamit sa: balkonahe, sala, kusina, silid-tulugan, at sa paliguan at palikuran. (2) Malaman ang mga salik na nakaapekto sa kasalukuyang kalagayan nito.

## **PAMAMARAANG GINAMIT**

Ginamit ang deskriptib-analisis na disenyo ng pananaliksik. Stratified random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng 900 na kalahok mula sa 14 na bayan at isang (1) lunsod sa lalawigan ng Sorsogon. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik sa paglikom ng mga datos o impormasyon, kung saan ito ay dumaan muna sa balidasyon. Ipinasuri ito sa mga panel at nagsagawa rin ng dry run sa ilang mga mamamayan. Dinayo ng mananaliksik ang bawat bayan kasama ang ilang mga kaibigan upang isagawa ang paglikom ng datos. Nakipag-ugnayan sa alkalde at sa punongbarangay at ipinaliwanag kung ano ang layunin ng mananaliksik sa pagsasagawa ng sarbey, maging sa mga naging kalahok, bago nangalap ng datos sa paraang, talatanungan, at impormal na pakikipanayam sa mga naging kalahok sa pag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng pantulong na

kagamitan, ang cellphone upang eksaktong mairekord ang mga kasagutang ng mananaliksik sa oras pakikipanayam. Ang mga nakalap na datos ay inalisa, sinuri, at binigyan ng interpretasyon gamit ang pagbilang, pagraranggo, at weighted mean.

**Mga katutubong salitang malimit na ginagamit sa: balkonahe, sala, kusina, silid-tulugan, at paliguan at palikuran.**

Naglahad ang mananaliksik ng pitong (7) katawagan sa bahaging balkonahe subalit lumabas sa pag-aaral na dalawa lamang sa mga ito ang malimit na ginagamit at ang mga ito ay tsinelas at pasamano. Ito ay dahil sa ang mga salitang ito ay hindi lamang sa rehiyong Bikol ginagamit kundi sa buong Pilipinas.

Sa bahaging sala naman ay walong salita sa 24 na katawagan itinala ang lumabas na pareparehong malimit na ginagamit ng 15 pangkat ng kalahok. Ang mga katawagan ito ay ang sumusunod; *kalendaryo, kurtina, dibayder, bentilador, radyo, sopa, TV, ulunan*. May mga katawagan din na halos magkakapareho subalit nagkakaroon lamang ng pagkakaiba sa ginagamit na mga pang-ugnay na pang-angkop tulad ng, *basket san burak, basket ki burak, basket kang burak, basket ning burak, basket kan burak, basket nin burak*. Ang pang-angkop na *san* ay gamit ng bayan ng Barcelona, Bulusan, Gubat, Irosin, Juban at Sorsogon City. Ang *ki* naman ay gamit lamang sa mga bayan ng Casiguran at Pilar, *kang* sa bayan ng Castilla, *ning* sa Donsol, *kan* sa Magallanes at *nin* sa Matnog at Prieto Diaz.

Sa silid-tulugan, *punda, hanger, banig, padyama, ulunan, tamong*. Samantala, ipinakita rin sa talahanayan na may mga salitang hindi pareparehong ginagamit sa buong probinsiya ng Sorsogon, subalit, gamitin pa rin sa maraming bayan, katulad ng *katre* kung saan sa 15 limang grupo ng mga kalahok (14 na bayan at isang lunsod) ay 14 ang gumagamit nito. Gamitin din ang mga sumusunod na salita, *patintihan, pagbisay san higdaan, sapin, butangan san labahan, salming, at ilaw sa lamesa*. Ipinapakita lamang nito na mas kaunti ang salitang gamitin sa buong probinsiya ng Sorsogon, dahil nagkaroon ng pagkakaiba sa ilang mga katawagan. Patunay nito ang lumabas sa pag-aaral nina Tariman at Abundo [6] tungkol sa dialectal variations ng mga wika sa Norte at Sur ng lalawigan ng Catanduanes. Natuklasan at

**MGA NATUKLASAN**

Inilahad sa kabanatang ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Nagsilbing kasagutan sa mga suliraning inilahad ang mga nakuhang sagot batay sa resulta ng pag-aaral na ito.

pinatunayan nilang may malaking pagkakaiba dito gaya ng pagkakaiba sa ponema at ispelang.

Sa kusina, *pampagana, basket, mangko, karaha, tasa, tinidor, kutsilyo, lababo, platito, kutsara, lamesa, mantel, kutsarita at takuri*. Sa paliguan at palikuran, *tuwalya, balde, pag-ahit, sipilyo, at tutpeyst*. Labing-tatlo (13) sa 75 salitang itinala ang lumabas na pinakamalimit na gamitin sa mga katawagan sa bahaging bahay na nabanggit. Ito ay ang mga sumusunod; *pampagana, basket, mangko, karaha, tasa, tinidor, kutsilyo, lababo, platito, kutsara, lamesa, mantel, kutsarita at takuri*. Samantala, ang katawagan *eypron* naman ay 14 na pangkat ng kalahok ang gumagamit kung saan tanging ang bayan lamang ng Gubat ang gumagamit ng *tapi* para dito.

Karamihan din sa mga kalahok ay ginagamit ang mga sumusunod na katawagan; *pagbeyk, planggana, kutsilyo sa tinapay, hurmahan, uring, tuktukan, pantuktok, utsaba, kuron, kalan, sandok, mapinit na tubi, luto, pagluto, taklob, panggiris, ingkudan, pamarahan, trapo/pamunas, sabon sa pinggan, parahugas, pamarahon, budbudan, huluson sin mayad/huluson mayad, nahingisadaan/hiningisadaan, uga, turo, duga, panggatong, sira, laman, prito, pang-ipit/tong/ipit, basket san prutas, luy-a, mapulot na bugas, kagudan, kinagod, trapo sa kamot/pamunas, pansapin, mapaso na tubi/mainit na tubig, hasaan/baidan, maligamgam, panitan, pitsel, pleysmat, plato, luto, bunlawan, pagbunlaw, termo, bandehado, tubi*.

May pagkakataon naman na halos pareho lamang subalit nagkaroon lamang ng pagkakaiba sa patinig na ginamit, gaya ng *uring* kung saan 13 ang gumagamit nito habang sa bayan ng Matnog at Prieto Diaz ay *oring* ang ginagamit. Napalitan ang patinig na *u* ng *o*. Sa salitang *planggana* naman ay dalawang bayan nito ang gumagamit, ang bayan ng Casiguran at Matnog habang sa 12 bayan at sa lungsod Sorsogon ay nakaltasan ito ng patinig na *a* at ito'y naging *planggana*.

Nangangahulugan lamang ito na may mga katawagan na malimit gamitin na magkakapareho at

nagkakaroon lamang ng pagkakaiba sa patinig. Gaya ng isa sa mga natuklasan ni Balunsay et al. [7], na isang dahilan kung bakit may pagkakaiba sa mga salitang ginagamit ay dahil sa ponemang katinig o patinig.

Samantala, sa 20 katawagang naitala sa bahaging paliguan at palikuran, lima (5) lamang ang pinakamalimit gamitin sa buong probinsiya ng Sorsogon. Ang mga salitang tinutukoy ay; *tuwalya, balde, pag-ahit, sipilyo, at tutpeyst*. Mapapansin na ang mga ito ay hindi matatawag na purong diyalektong Sorsoganon sapagkat ang mga ito ay salitang Filipino rin. Ayon sa mga kalahok, may mga salitang walang ibang katumbas sa wikain ng Sorsoganon at lalo pa't ito ang kanilang kinalakihan mula pa sa kanilang mga lolo't lola at magulang maging sa mga nasa paligid nila kung kaya't mula sa kanilang pagkabata ay ito na rin ang kanilang ginagamit na naipapasa rin sa kanilang mga anak.

Sa kabuoan, ang mga salitang pinakamalimit gamitin na ginagamit sa buong lalawigan ng Sorsogon sa bahaging balkonahe (dalawang salita), sala (walong salita), silid-tulugan (anim na salita), kusina (14 salita) at paliguan/palikuran (limang salita) ng bahay kung saan ito ay may kabuoang 35 na salita lamang sa 139 na katawagang naitala sa buong bahagi na ng tahanan. Ito ay dahil sa nagkakaroon ng iba't ibang katawagan, nagkakaroon ng pagkakaiba sa ponema at sa pang-ugnay na pang-angkop at sa ispeling.

Patunay nito ang natuklasan sa pag-aaral ni Balunsay et al. [9] na sa kabuoang bilang na 387 bilang sa word list, 191 ang magkakaibang salitang ginagamit ng mga Sorsogueño, kaya mabibilang na 196 lamang sa mga ito ang magkakapareho. Kung kaya't, hindi nakapagtataka na kakaunti lamang ang mga salitang pinakamalimit gamitin ng lahat. At maaaring sa susunod pang panahon ay kumunti pa ito dahil sa mga pagbabagong nagaganap dulot ng modernisasyon lalo pa't ang wika ay dinamiko, buhay at nagkakaroon ng pagbabago.

### **Mga Salik na Nakaapekto sa Kasalukuyang Kalagayan ng mga Diyalektong Sorsoganon.**

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga salik na nakaapekto sa kasalukuyang kalagayan ng mga diyalektong Sorsoganon. Ipinakikita rito na marami ang maaaring maging dahilan na maaaring makaapekto rito.

Unang salik na maaaring makaapekto ayon sa 756 na kalahok mula sa 15 pangkat, ay ang social media (facebook, twitter, blog, instrgram, telebisyon). Hindi maikakaila na malaki ang ginagampanan ng social media sa kasalukuyang henerasyon, sapagkat bahagi na ito ng araw-araw na pamumuhay ng karamihan sa kasalukuyan, bata man o matanda, mahirap man o mayaman. Kung kaya't hindi natin maitatangi na magdudulot ito ng epekto sa diyalekto ng mga Sorsoganon. Kung titingnan natin ang positibong dulot nito sa wika ay napakalaki, isa na rito ay nagiging kasangkapan ito upang maipahayag at maipaabot ang mga saloobin sa kanilang sariling diyalekto.

Pangalawang salik ayon sa 668 na kalahok ay ang pag-iisip na makasunod sa mga bago at usong salitang ginagamit. Sa kasalukuyan, ay kailangan mong makisabay sa kung ano ang ginagamit lalo pa't tayo ngayon ay nasa panahon na ng modernisasyon. Upang maunawaan tayo ng nakararami ay kailangang makisabay tayo sa kung ano ang nauuso sa panahon.

Hindi masamang sumunod sa uso upang makasabay sa mga pagbabago at kaunlaran, sapagkat anomang salita ay magiging bago kapag patuloy na ginagamit lalo pa't nakakabit ito sa ating kultura at nakaraan na dapat makilala. Ayon nga kay Saliot et al. [8], ang katotohanan at kasaysayan na naganap at magaganap sa mga susunod na henerasyon ay iniimbak ng wika. Patunay lamang ito na upang manariwa pa rin sa atin ang kasaysayan ng ating diyalekto ay nararapat natin itong gamitin.

Sinabi rin ng 662 kalahok na makaapekto sa kasalukuyang kalagayan ng diyalektong Sorsoganon ang paggaya sa mga dayuhang wikain, dahil sa karamihan lalo na ang mga kabataan sa kasalukuyan ay nahuhumaling na sa mga banyagang wika. Patunay nito ang isinulat ni Teodoro [9], na sa araw ng pagdiriwang ng kanilang buwan ng wika ay nagsagawa sila ng isang eksibit na nagpapakita ng mga perang ang nakalagay na bayani ay ang mga dayuhan. Ito'y isinagawa nila bilang patunay at pagsasalarawan ng higit na pagpapahalaga sa wikang Ingles at dayuhang kultura.

Kasunod nito ang 649 na kalahok na nagsabing nakaapekto ang text messaging sa kalagayan ng diyalektong Sorsoganon. Ang pagteteks ay mayroong positibo't negatibong dulot. Napadadali

nito ang komunikasyon subalit ito rin ay dahilang ng pagbabago sa pananalita.

Patunay nito ang lumabas sa eksperimento ng GMA news sa Pandacan, sa ulat ni Jimenez [10] kung saan sinubok nilang tanungin ang ilang residente kung alam ang kahulugan ng ilang mga salitang hindi na ginagamit sa kasalukuyan. Tanging ang isang 74 anyos lamang ang nakasagot ng tama rito. Ipinakikita nito na marami nang wika ang hindi na ginagamit at isang dahilan ay ang text messaging.

Tinuran naman ng 640 na kalahok na ang pagiging sosyal sa pagsasalita ay nakaaapekto sa kalagayan ng katutubong diyalekto. Kasabay ng pagiging moderno ng karamihan o halos lahat ng bagay sa ating mundong ginagalawan ay ang pagiging moderno na rin ng ating pananalita. Kung saan isa na sa modernisasyon na ginagawa ng tao ay ang pagiging sosyal sa pagsasalita, halimbawa ay ang paggamit ng wikang Ingles bilang wika sa

tahanan. Ayon sa ilang kalahok na nakapanayam ay nais ng ibang tao na maging sosyal sa pagsasalita upang hindi mahalata na sila ay mahirap at upang masabing sila ay nakasusunod sa uso at hindi napag-iinananan o dili kaya'y masabing sila'y matalino. Dahil sa pagiging sosyal ay pinapalitan na ng makabagong salita na kung minsan ay pati ang tono ng pagbigkas ay nababago na rin. Kung kaya't kasabay ng pagpalit ng salita at ang hindi paggamit nito, ay nawawala ito sa bibig at isipan ng mga tao ng pansamanatala o di kaya'y pangmatagalan.

Walang masamang sumabay sa uso lalo pa't sinasabi na ang wika ay buhay at daynamiko. Subalit hindi ang pagiging sosyal sa pagsasalita ang natatanging solusyon upang makasabay tayo sa pagbabago, dahil habang ginagamit at pinanatili ang isang salita kahit na ito'y katutubong wika pa ay magiging bago o trend pa rin ito sa modernong panahon at magiging kaakit-akit pa rin sa pandi

**Talahanayan 1. Mga Salik na Nakaaapekto sa Kasalukuyang kalagayan ng mga Diyalektong Sorsoganon**

MGA SALIK	Ba	Bl	Bu	Ca	Ct	Ds	Gu	Ir	Ju	Mg	Mt	Pl	PD	SM	SC	K	R
Social media (facebook, twitter, blog, instrgram, telebisyon)	53	33	38	52	53	52	52	49	50	54	56	54	57	46	57	756	1
Text messaging	56	26	31	47	47	48	32	54	32	49	48	39	47	45	48	649	4
Paggaya sa mga dayuhang wikain	52	40	28	46	44	51	31	37	42	53	40	53	50	43	52	662	3
Paggaya sa kanilang iniidolng artista	53	19	21	48	47	47	33	39	27	47	53	52	44	39	44	613	8
Pag-iisip na makasunod sa mga bago at usong salitang ginagamit	39	35	39	46	53	43	52	42	40	43	44	48	52	39	53	668	2
Pagiging sosyal sa pagsasalita	48	32	34	44	53	42	51	39	47	38	44	39	47	35	47	640	5
Kaibigan o kaedad	47	44	34	53	43	39	53	42	24	37	44	47	43	37	42	629	6
Hindi paggamit ng magulang sa tahanan	47	20	35	47	53	54	54	38	37	31	49	28	48	33	54	628	7

**Pananda**  
**Ba**-Barcelona    **Ca**- Casiguran    **Gu**- Gubat    **Mg**- Magallanes    **PD**- Prieto Diaz    **Bu**- Bulusan    **Pl**- Pilar    **SC**- Sorsogon City    **K**- Kabuoan  
**Bl**- Bulan    **Ct**- Castilla    **Ir**- Irosin    **Mt**- Matnog    **SM**- Sta. Magdalena    **Ds**- Donsol    **Ju**- Juban    **R**- Rango

Samantala, sinasabi naman ng 629 na kalahok na maaari ring makaapekto ang kaibigan o ka-edad sa kalagayan ng wikain ng Sorsoganon. Sapagkat sila ang madalas na kasama at sila rin ang madalas na nakauunawa sa kung ano ang kanilang nararamdaman at kinahihiligan. Resulta nito ay kung ano ang wika ng isa sa magbabarkada ay maaari na ring maging wika ng lahat ng kasapi ng kanilang grupo sapagkat sila ay naging magkakaibigan dahil sa sila ay nagkakasundo sa maraming bagay, at dahil palagi silang magkakasama ay kung ano ang wikang ginagamit ng isa ay magiging wika na rin ng lahat. Ito ay magiging sanhi na ng pagkakaroon nila ng bagong mga salitang makabago na naayon sa kanilang edad at hilig.

Sa lahat ng ito, isa lamang ang nais ipahiwatig, napakalaki ng impluwensiya ng kaibigan o ka-edad sa buhay ng isang indibidwal. Pinatunayan din ito ni Bottary [11], na kahit na sa isang perpektong relasyon ng magulang at anak, malakas at malaki pa rin ang impluwensiyang naibibigay ng ka-edad.

Ang hindi paggamit ng magulang sa tahanan ng isang salita ayon sa 628 ay isa ring sanhi sa magiging kalagayan ng diyalekto. Malaki ang papel na ginagampanan ng mga magulang sa magiging wika ng kanilang mga anak. Sila ang unang magtuturo sa bata ng lahat ng kinakailangan nitong matutuhan kasama na ang pagsasalita. Kung ano ang wikang ginagamit sa tahanan ay ang matutuhan din ng isang batang nag-aaral o nagsisimula pa lamang makapagsalita dahil sa ito ang palaging ginagamit ng kanilang magulang kapag sila ay kinakausap.

Ayon nga sa isang akdang may pamagat na, “Kapag Ang Mga Bata Ay Nagsasalita Ng Higit sa Isang Wika” [12], hindi sapat na naririnig lamang ng bata ang isang salita, at hindi rin ang pagpapanood ng telebisyon o anumang elektronikong laro o palabas kundi, kinakailangang gamitin ito ng bata sa kaniyang araw-araw na ginagawa o dili kaya’y sa pakikipagkatuwaan sa mga nag-aalaga sa kanila. Sapagkat ayon pa rin dito kapag ginamit nang madalas ng bata ang unang wika habang nagkakaroon ito ng kasiyahan ay nanaisin na rin nila itong gamitin. Pinagtibay din sa pag-aaral ni Dewar [13] ang epekto ng pakikipag-usap sa mga matatanda, natuklasan niyang ang mga bata na gumugol ng mas maraming oras sa pakikipag-usap sa mga matatanda ay nagkakaroon

ng mas malawak na bokabularyo. Dagdag pa niya, ito ay halos anim na beses na mas malaki kaysa sa epekto ng pakikinig lamang sa usapan ng mga may sapat na gulang. Gaya nga ng gasgas nang mga katagang palagi nating naririnig, ang mga magulang ang unang dakilang guro ng isang anak.

Para naman sa 613 na kalahok ay maari ring makaapekto sa kalagayan ng katutubong wikain ng Sorsoganon ang paggaya sa kanilang iniidolng artista. Malaki ang impluwensiya ng mga artista sa mga mamamayan sa kasalukuyan lalo na sa mga kabataan, mula sa porma at pananamit maging pagdating sa wika at pananalita. Kapag narinig nila sa kanilang idolo ay ginagaya at ginagamit na rin nila kung saan ay unti-unting nagiging bahagi na ng araw-araw na pakikipagtalastasan hanggang sa mangibabaw na sa dating salitang ginagamit na maaaring maipasa rin sa susunod pang henerasyon.

#### **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Iba-ibang mga katutubong salita ang malimit na ginagamit sa bahaging balkonahe, sala, silid-tulugan, kusina, paliguan at palikuran ng mga Sorsoganon. Mangilan-ngilan na ang mga diyalektong hindi na gaanong ginagamit sa kasalukuyan dahil sa naibabaon din ito kasama ng gumagamit nito lalo’t hindi na naipasa o tinangkilik ng mas nakababata sa kanila. Iba-iba ang mga salik na nakaapekto sa kasalukuyang kalagayan ng diyalektong pantahanan sa Sorsogon. May nabuong tumbasan ng mga katutubong diyalektong pantahanan sa lalawigan ng Sorsogon.

Inirerekomenda ang mga sumusunod: Ipalaganap at ipakilala ang sariling diyalektong pantahanan sa Sorsogon. Mahalin at pahalagahan ang mga diyalektong ginagamit ng mga nakatatanda, dahil sa ang mga ito ay mahalaga at bahagi pa ng kultura’t pagkakakilanlan. Huwag kalimutan ang nakaraan kasama na ang diyalektong pantahanan upang masabing “in”, sapagkat kahit na luma ito kung palagi pa ring ginagamit at inaalagaan ay magmumukha pa ring bago. Lumikha ng mga diksiyunaryo o palatumbasan na maglalaman ng mga katutubong diyalektong pantahanan man o hindi upang mapanumbalik ang ilang mga katawagang unti-unti nang nawawala sa sirkulasyon at upang makilalang muli ito ng mga Sorsoganon lalo na ng kabataan. Ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng iba pang kaugnay

na pag-aaral tungkol sa mga diyalektong pantahanan sa Sorsogon.

#### TALASANGGUNIAN

- [1] Constantino, P. & Zafra, G. (2010), Kahulugan at Katangian ng Wika, <https://teksbok.blogspot.com/2010/08/kahulugan-at-katangian-ng-wika.html>, Retrieved: December 10, 2018.
- [2] Ang Tore ng Babel, <https://www.churchofjesuschrist.org/manual/old-testament-stories/chapter-7-the-tower-of-babel?lang=tgl>, Retrieved: December 10, 2018.
- [3] Almario, V. S. (2014). Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa, unang limbag, Komisyon sa Wikang Filipino, pahina 6.
- [4] Sayeh, Y. (2016). The Importance of Children Learning their Native Languages <https://novakdjokovicfoundation.org/importance-children-learning-native-languages/>, Retrieved: January 15, 2019.
- [5] Legarda: Pangalagaan Natin Ang Ating Wikang Pambansa at Mga Wikang Katutubo. <https://lorenlegarda.com.ph/legarda-pangalagaan-natin-ang-ating-wikang-pambansa-at-mga-wikang-katutubo/>. Retrieved: April 3, 2020.
- [6] Abundo R. S. & Yolanda M. T. 2017. Dialectal variations of the northern and southern part of Catanduanes. Unpublished Faculty Research. Catanduanes State University.
- [7] Balunsay, J. R., Tindugan, S.M., Cantar, M.C.A., Sarmiento, R.F.A. & Abundo, R.S. (2019). Isang Lingguwistikong Etnograpiyang Pag-aaral sa Wika at Kulturang Bikol. Isang Di-Limbag na Pananaliskik. Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. Kolehiyo ng Sining at Agham at Kolehiyo ng Edukasyon. Virac, Catanduanes.
- [8] Saliot, M. A., Urbano, P.C. Cabarteja, D.M., Godoy, R.D., Mirabueno, A.R., Napocao, A.N. Quizon, R.I. (2010). Masining na Pagpapahayag Tungo sa pagpapaunlad ng Kasaysayan sa Pagsasalita at Pagsulat, Binagong Edisyon. Pahina 6.
- [9] Teodoro, J. I., (2009), Wika at Kolonyal na Pag-iisip <https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/171157/wika-at-kolonyal-na-pag-iisip/story/>, Retrieved: December 16, 2019.
- [10] Jimenez, F. (2015). Ang pagsabay sa uso ng wikang Filipino <https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/376707/ang-pagsabay-sa-uso-ng-wikang-filipino/story/>, Retrieved: December 16, 2019.
- [11] Bottary, L. (2014) The Language of Peer Influence <https://www.vistage.com/research-center/personal-development/peer-influence-idioms/>, Retrieved: December 18, 2019.
- [12] Payo Para sa mga Magulang <https://education.qld.gov.au/initiatives-strategies/Documents/advice-for-parents-fact-sheet-filipino.pdf>, Retrieved: December 17, 2019.
- [13] Dewar, Gwen, (2015). The effects of television on learning to speak: Is it helpful or harmful? <https://www.parentingscience.com/effects-of-television-on-children-learning-speech.html>, Retrieved: November 19, 2019.

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).